Pangalan: Ali S. Macadindang Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Pangangalaga sa Karapatan ni Allah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Tunay na ang papuri ay kay Allah lamang. Pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinuman ang gabayan ni Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang sinumang makapaggagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang diyos na tunay na dapat sambahin maliban lamang kay Allah; at ako ay sumasaksi na si Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo. Nawa ’ y ipagkaloob ni Allah ang pagpapala at kapayapaan sa Kanyang sugo na si Muhammad ﷺ, sa kanyang Pamilya, sa kanyang mga Kasamahan, at sa lahat ng taong sumusunod sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Mga alipin ni Allah, likas sa katangian ng tao ang pangangalaga sa mga materyal na bagay na mayroon siya. Kapag mayroon siyang bagong kagamitan gaya ng cellphone at sasakyan, pinangangalagaan niya ito nang mabuti upang hindi magasgas o masira. At kapag mayroong isang bagay na ipinagkatiwala sa kanya ay gayundin namang pinangangalagaan niya ito nang mabuti upang hindi masira ang kanyang reputasyon. Mga kapatid sa pananampalataya, kung

ISA IBN MARYAM INC.

pinangangalagaan natin ang mga materyal na bagay sa mundo gayundin ang ating mga ari-arian, dangal at pamilya, PAANO PA KAYA ANG PANGANGALAGA SA KARAPATAN NI ALLAH? HINDI BAGA'T ITO ANG PINAKAMAHALAGA SA MUNDO NA DAPAT NATING PINANGANGALAGAAN?

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na inulat ni Mu’adh Ibn Jabal (radhiyallahu ‘anhu):

عَنْ مُعَاذِ بْنِ جَبَلٍ قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: " يا مُعاذُ، أتدري ما حَقُّ اللهِ على العِبادِ، وما حَقُّ العِبادِ على اللهِ؟ قُلتُ: اللهُ ورَسولُه أعلَمُ، قال: حَقُّ اللهِ على العِبادِ أن يَعبُدوه ولا يُشرِكوا به شَيئًا، وحَقُّ العِبادِ على اللهِ ألَّا يُعَذِّبَ مَن لا يُشرِكُ به شيئًا." (أخرجه البخاري)

Inulat ni Al-Bukhari sa kanyang Sahih na nagmula kay Mu’adh Ibn Jabal (radhiyallahu ‘anhu) na sinabi niya na sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), “O Mu’adh, batid mo ba kung ano ang karapatan ni Allah sa Kanyang mga alipin at kung ano ang karapatan ng Kanyang mga alipin sa Kanya? Siya ay nagsabi, “Si Allah at ang Kanyang sugo ang higit na nakababatid.” Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), "Ang karapatan ni Allah sa Kanyang mga alipin ay ang sambahin Siya at huwag ipagtambal sa anumang bagay. At ang karapatan ng mga alipin ni Allah sa Kanya ay huwag parusahan ang sinumang hindi nagtatambal sa Kanya sa anumang bagay.”

Kaya mga alipin ni Allah, nararapat sa atin na sambahin si Allah, gawin ang Kanyang mga ipinag-utos at iwasan ang kanyang mga ipinagbawal. Sapagkat kapag isinabuhay natin ito ay makaliligtas tayo mula sa Kanyang parusa, at tayo ay makakapasok sa Paraiso. At ito rin ang dahilan kung bakit tayo nilikha ni Allah, at dahilan kung bakit ipinadala ang mga Propeta sa bawat pamayanan. Si Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ سورة الذاريات: 56

“At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban na lamang na Ako ay sambahin.” (Surah Adh-Dhariyat: 56)

Siya rin ay nagsabi:

﴿ وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ ﴾ سورة النحل: 36

“At katiyakan, na Aming ipinadala sa bawat pamayanan ang isang sugo (na kung saan siya ay nag-aanyaya ng) ‘Sambahin si Allah at iwasan ang mga huwad na Diyos’.” (Surah A-Nahl: 36)

Inulat ni ‘Abdullah Ibn ‘Abbas na siya ay pinayuhan ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

عَن عبْدِ الله بنِ عَبّاسٍ رَضِي اللهُ عَنْهُما قالَ كُنْتُ خَلْفَ النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَوْمًا، فَقَالَ: {يَا غُلاَمُ، إِنِّي أُعَلِّمُكَ كَلِمَاتٍ؛ احْفَظِ اللهَ يَحْفَظْكَ، احْفَظِ اللهَ تَجِدْهُ تُجَاهَكَ، إِذَا سَأَلْتَ فَاسْأَلِ اللهَ، وَإِذَا اسْتَعَنْتَ فَاسْتَعِنْ بِاللهِ، وَاعْلَمْ أَنَّ الأُمَّةَ لَوِ اجْتَمَعَتْ عَلَى أَنْ يَنْفَعُوكَ بِشَيْءٍ لَمْ يَنْفَعُوكَ إِلاَّ بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللهُ لَكَ، وَإِنِ اجْتَمَعُوا عَلَى أَنْ يَضُرُّوكَ بِشَيْءٍ لَمْ يَضُرُّوكَ إِلاَّ بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللهُ عَلَيْكَ، رُفِعَتِ الأَقْلاَمُ وَجَفَّتِ الصُّحُفُ} .رواه التِّرمذيُّ، وقالَ: حديثٌ حَسَنٌ صحيحٌ

Mula kay ‘Abdullah Ibn ‘Abbas (kalugdan sila ni Allah) na kanyang sinabi: Isang araw nang ako ay nasa likuran ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), kanyang sinabi sa akin: "O bata! Tuturuan kita ng mga salita (payo): Pangalagaan mo si Allah (kanyang mga karapatan) at ikaw ay kanyang pangangalagaan, pangalagaan mo si Allah at siya ay matatagpuan mo sa iyong harapan, kapag ikaw ay hihiling ay manalangin lamang kay Allah, at kapag ikaw ay hihingi ng tulong ay humingi lamang ng tulong kay Allah. Unawain na kahit magkaisa ang sangkatauhan upang magdulot sa iyo ng kabutihan ay walang kabutihang maibibigay sa iyo maliban sa itinakda ni Allah para sa iyo, at kung sila ay magkaisa upang pinsalain ka sa anumang bagay ay hindi ka nila mapipinsala (o mapapahamak) maliban na lamang sa itinakda sa iyo ni Allah, naitaas na (o naingat) ang panulat at natuyo na ang tinta sa Aklat.” (Inulat ni At-Tirmidhi)

Kabilang sa mga aral na mapupulot mula sa Hadith na ito ay:

1- Ipinag-utos ni Allah sa Kanyang alipin ang pangangalaga nito sa kanyang ugnayan kay Allah sa pamamagitan ng palagiang pagsusuri sa katayuan ng kanyang sarili sa pagsunod sa mga kautusan ni Allah, at ang pagsalungat nito ay kapabayaan.
2- Ang gantimpala ng gawain ay batay sa uri ng gawain, kung mabuti ay mabuti ang gantimpala, kung masama ay masama rin ang gantimpala. Kaya sinumang pangalagaan niya ang mga karapatan ni Allah ay

pangangalagaan din siya ni Allah, at sinumang hindi niya pangalagaan ang mga karapatan ni Allah ay hindi rin siya pangangalagaan ni Allah. Ang pangangalaga ni Allah sa kanyang alipin ay sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanya ni Allah ng kalinga at proteksyon mula sa kasamaan, at papatnubayan siya ni Allah sa Kabutihan, gaya ng nabanggit sa Hadith: “Pangalagaan mo si Allah (kanyang mga karapatan) at ikaw ay Kanyang pangangalagaan, pangalagaan mo si Allah at Siya ay matatagpuan mo sa iyong harapan …” Si Allah ay nagsabi:

﴿ فَمَن يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ﴾ سورة الزلزلة: 7

“Kaya, sinuman ang gumawa ng isang katiting na timbang ng kabutihan, ito ay [kanyang tiyak na] matutunghayan.” (Surah Az-Zalzalah: 7)

﴿ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ﴾ سورة الزلزلة: 8

“At sinuman ang gumawa ng isang katiting na timbang ng kasamaan, ito ay [kanyang tiyak na] matutunghayan.” (Surah Az-Zalzalah: 8)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***